

# Ang Inyong Mga Karapatan sa Pagiging Pribado ng Inyong Impormasyong Pangkalusugan

## Ang Pagiging Pribado ay Mahalaga Sa Ating Lahat

Kayo ay may mga karapatan sa pagiging pribado ayon sa isang batas pederal na pumuprotekta sa inyong impormasyong pangkalusugan. Mahalaga na magkaroon kayo ng kaalaman tungkol sa mga karapatang ito. Maaari ninyong gamitin ang mga karapatang ito, magtanong tungkol sa mga ito, at magharap ng sumbong kung sa palagay ninyong ang inyong mga karapatan ay ipinagkakait o ang inyong impormasyong pangkalusugan ay hindi napoprotektahan.

**Sino ang kailangang sumunod sa batas na ito?**

- Karamihan sa mga doktor, mga nars, mga parmasya, mga ospital, mga klinika, mga nursing home, at marami pang ibang provider ng mga serbisyong pangkalusugan
- Mga kompanya ng health insurance, mga HMO, karamihan sa mga group health plan ng mga employer
- Mga partikular na programa ng pamahalaan na nagbabayad para sa mga serbisyong pangkalusugan, tulad ng Medicare at Medicaid

## Ang mga provider at mga health insurer na inaatasang sumunod sa batas na ito ay kailangang tumupad sa inyong karapatan na . . .

**Humiling na makita at makuha ang kopya ng inyong mga record na pangkalusugan**
Maaari ninyong hilingin makita at makuha ang kopya ng inyong medical record at ng iba pang impormasyong pangkalusugan ninyo. Maaaring hindi ninyo makuha ang lahat ng impormasyong nauukol sa inyo sa ilang natatanging kaso. Halimbawa, kung magpasiya ang inyong doktor na mayroong bagay sa inyong file na maaaring magsapanganib sa inyo o sa ibang tao, maaaring hindi kailanganing ibigay ng doktor sa inyo ang impormasyong ito.

- Sa karamihan ng mga kaso, ang inyong mga kopya ay dapat maibigay sa inyo sa loob ng 30 araw, ngunit ito ay maaaring palugitan ng karagdagang 30 araw kung kayo ay bibigyan ng dahilan.
- Maaaring kailanganin kayong magbayad para sa gastos ng pagkopya at pagkoreo kung hihiling kayo ng mga kopya at ng pagpapadala sa koreo

**Ipadagdag ang mga koreksiyon sa inyong impormasyong pangkalusugan**
Maaari ninyong hilinging iwasto ang anumang maling impormasyong nasa file ninyo o idagdag ang impormasyon sa file ninyo kung ito ay hindi kumpleto. Halimbawa, kung nagkasundo kayo ng ospital na ang resulta ng pagsusuring nasa file ninyo ay mali, kailangang palitan ito ng ospital. Kahit naniniwala ang ospital na ang resulta ng pagsusuri ay tama, karapatan pa rin ninyong ipasulat sa file ninyo ang inyong hindi pagsang-ayon.

- Sa karamihan ng mga kaso, ang file ay dapat baguhin sa loob ng 60 araw, ngunit maaaring palugitan ang ospital ng karagdagang 30 araw kung kayo ay bibigyan ng dahilan.

**Tumanggap ng paunawang nagsasaad kung paano ginagamit at ibinubunyag sa iba ang inyong impormasyong pangkalusugan**
Maaari ninyong malaman kung paano ginagamit at ibinubunyag sa iba ng inyong provider o health insurer ang inyong impormasyong pangkalusugan. Kailangan nila kayong bigyan ng paunawa na nagsasaad kung paano nila maaaring gamitin at ibunyag sa iba ang inyong impormasyong pangkalusugan at kung paano ninyo maaaring gamitin ang inyong mga karapatan. Sa karamihan ng mga kaso, dapat ninyong makuha ang paunawang ito sa unang punta ninyo sa isang provider o sa koreo mula sa inyong health insurer, at maaari kayong humingi ng kopya sa anumang oras.

**Magpasiya kung magbibigay kayo ng pahintulot bago maaaring magamit o maibunyag ang inyong impormasyon para sa mga partikular na dahilan**
Sa karaniwan, ang inyong impormasyong pangkalusugan ay hindi maaaring ibigay sa inyong employer, gamitin o ibunyag sa iba para sa mga bagay tulad ng pagbebenta o pag-aanunsiyo, o gamitin o ibunyag sa iba para sa marami pang ibang dahilan maliban kung pahihintulutan ninyo sa pamamagitan ng paglagda sa isang pormularyo para sa pagbibigay-pahintulot. Kailangang tukuyin sa pormularyo para sa pagbibigay-pahintulot kung sino ang makakakuha ng inyong impormasyon at ano ang paggagamitan ng inyong impormasyon.





# Ang Inyong Mga Karapatan sa Pagiging Pribado ng Inyong Impormasyong Pangkalusugan

## Ang Pagiging Pribado ay Mahalaga Sa Ating Lahat

**Iba pang mga karapatan hinggil sa pagiging pribado**
Maaaring may mga iba pa kayong karapatan hinggil sa inyong impormasyong pangkalusugan ayon sa mga batas ng inyong estado. Kapag may epekto ang ganitong mga batas sa paraan kung paano maaaring magamit o maibunyag ang inyong impormasyong pangkalusugan, iyon ay dapat maipaliwanag nang mabuti sa paunawang matatanggap ninyo.

**Para sa karagdagang inpormasyon**
Ito ay isang maikling kabuuran ng inyong mga karapatan at mga proteksyon ayon sa batas pederal hinggil sa pagiging pribado ng impormasyong pangkalusugan. Maaari ninyong tanungin ang inyong provider o health insurer tungkol sa kung paano ginagamit o ibinubunyag sa iba ang inyong impormasyong pangkalusugan at tungkol sa inyong mga karapatan. Maaari rin kayong makakuha ng karagdagang kaalaman, pati na kung paano magsampa ng sumbong sa Pamahalaan ng U.S., sa website sa www.hhs.gov/ocr/hipaa/

## Inilathala ng:

*U.S. Department of Health & Human Services Office for Civil Rights*

## Ang mga provider at mga health insurer na inaatasang sumunod sa batas na ito ay kailangang tumupad sa inyong karapatan na . . .

**Kumuha ng report tungkol sa kung kailan at kung bakit ibinunyag sa iba ang inyong impormasyong pangkalusugan**
Ayon sa batas, ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring magamit o maibunyag sa iba para sa mga partikular na dahilan, tulad sa pagtitiyak na mahusay ang paggagamot ng mga doktor, sa pagtitiyak na ang mga nursing home ay malilinis at ligtas, sa pagrereport kapag may trangkaso sa inyong pook, o sa pagbibigay ng mga ipinag-uutos na report sa pulisya, tulad ng pagrereport ng sugat na resulta ng pagkakabaril. Sa karamihan ng mga kaso, maaari kayong humingi at kumuha ng listahang tumutukoy sa kung kanino ibinunyag ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa ganitong mga dahilan.

- Maaari kayong makakuha ng ganitong report na libre, minsan sa isang taon.
- Sa karamihan ng mga kaso, dapat ninyong makuha ang report sa loob ng 60 araw, ngunit ito ay maaaring palugitan ng karagdagang 30 araw kung kayo ay bibigyan ng dahilan.

**Hilinging makipag-alam sa inyo sa ibang lugar, hindi sa inyong tahanan**
Maaari kayong gumawa ng makatwirang kahilingan na kontakin kayo sa mga ibang lugar o sa naiibang paraan. Halimbawa, maaari ninyong patawagin ang nars sa inyong opisina imbes na sa inyong tahanan, o magpadala sa inyo ng sulat na nakasobre imbes na isang postcard. Kung ang pagpapadala ng impormasyon sa inyong tahanan ay maaaring magsapanganib sa inyo, ang inyong health insurer ay kailangang makipag-usap, tumawag o sumulat sa inyo sa lugar na hiniling ninyo at sa paraan na hiniling ninyo, kung ang kahilingan ay makatwiran.

**Hilinging huwag ibunyag sa iba ang inyong impormasyon**
Maaari ninyong hilingin sa inyong provider o health insurer na huwag ibunyag ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga partikular na tao, grupo, o kompanya. Halimbawa, kung kayo ay magpapatingin sa isang klinika, maaari ninyong hilingin sa doktor na huwag ibunyag ang inyong medical record sa ibang mga doktor o mga nars sa klinika. Gayon pa man, hindi nila kailangang ayunan ang kahilingan ninyo.

**Magsampa ng mga sumbong**
Kung sa paniwala ninyo ang inyong impormasyon ay ginamit o ibinunyag sa iba sa paraang hindi pinahihintulutan sa batas na nauukol sa pagiging pribado, o kung hindi ninyo nagamit ang inyong mga karapatan, maaari kayong magsampa ng sumbong sa inyong provider o health insurer. Ang paunawang nauukol sa pagiging pribado na matatanggap ninyo mula sa kanila ay ang magbibigay-alam sa inyo kung sino ang kakausapin ninyo at kung paano ang magsampa ng sumbong. Maaari rin kayong magsampa ng sumbong sa Pamahalaan ng U.S.

